

1

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 26: Pagkilala sa Pangngalang Pantangi



**MTB – Unang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 26: Pagkilala sa Pangngalang Pantangi.  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Crisanta S. Nnalis
<b>Editors:</b>	Belinda R. Matias, John Ralph T. Bagain
<b>Tagasuri:</b>	Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez, James D. Pamittan
<b>Tagalapat:</b>	Armida P. Dela Cruz
<b>Tagapamahala:</b>	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Maries B. Baquiran Maria Cristina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500  
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728  
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

## MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 26:  
Pagkilala sa Pangngalang Pantangi

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang makilala/matukoy at makapagbigay ng pangngalang pantangi. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang makilala/matukoy at makapagbigay ng pangngalang pantangi.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagkilala sa pangngalang pantangi

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makakilala/makatutukoy ng pangngalang pantangi
- Makapagbibigay ng pangngalang pantangi



## *Subukin*

Basahin ang mga sumusunod na mga salita sa loob ng kahon. Isulat sa sagutang papel ang mga salitang nagsisimula sa malaking letra.

Ana	aso	Pilipinas	saging
Tomas	Ipil-Ipil	Filipino 1	Rizal Park
Bantay	Pasko	Gng. Cruz	bata
G-Tea	bansa	lapis	ulan



## *Balikan*

Sa mga salitang naisulat sa papel na nagsisimula sa malaking letra, isulat sa tapat ng salita kung ito ay tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.



## *Tuklasin*

Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang mga salitang nagsisimula sa malaking letra maliban sa mga umpisang salita.




1. Si Dr. Cruz ay magaling na manggagamot.




2. Si Mingming ay nawawala.



3. Si Mang Mando ay isang magsasaka.



4. Ang puno ng Narra ay mataas.



5. Maraming pasyente sa Santos Ospital.



## *Suriin*


Nakilala mo ba ang mga salitang nagsisimula sa malaking letra?

Natukoy mo ba ang bawat salita? Ito ba ay tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari?

Ano ang tawag sa mga ito?

Paano mo masasabi na ito ay pangngalang pantangi?

Kaya mo na bang magbigay ng mga halimbawa ng pangngalang pantangi o tumutukoy sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, o lugar?



## *Pagyamanin*

**Gawain 1:** Basahin ang bawat pangngalan. Isulat sa sagutang papel ang mga pangngalang pantangi.



Cagayan			
bayán		lapis	payong
bolpen	halaman	Tagpi	kape
Lina	pantalón	bata	tsinelas
gulay			
		Alex	aso
Bagong Taon			

**Gawain 2:** Isulat nang tama ang sumusunod na pangngalang pantangi sa sagutang papel.

1. isabela
2. melchor
3. milo
4. sampaguita
5. lunes

**Gawain 3:** Magmasid sa paligid. Gumuhit ng isang halimbawa ng pangngalang pantangi na maaaring tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari. Isulat ang pangalan nito sa ibaba.



## *Isaisip*

Ang pangngalang pantangi ay tumutukoy sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Nagsisimula ito sa malaking letra.

Halimbawa:

- tao – Aling Nena, Alma, Bb. Dizon
- bagay – Smart TV, Iphone, Acer Laptop
- lugar – Isabela, Maynila, Elmar Resort
- hayop – Bantay, Kabayan
- pangyayari – Pasko, Araw ng mga Puso



## *Isagawa*

Magbigay ng pangngalang pantangi sa mga sumusunod. Isulat sa malinis na papel ang sagot.

1	babae	
2	gatas	
3	laro	
4	pasyalan	
5	guro	



## *Tayahin*

Suriin ang mga sumusunod na salita. Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung ito ay pangngalang pantangi at ekis (X) kung hindi.

1. sapatos
2. Mother Tongue 1 (Kagamitan ng Mag-aaral)
3. Romel
4. simbahan
5. gulay
6. Bulkan Taal
7. Biyernes
8. anak
9. Cacal Hospital
10. Pagay Festival



## *Karagdagang Gawain*

Magbigay ng limang (5) pangngalang pantangi na makikita sa loob ng bahay. Isulat ito sa papel.



## Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ana</li> <li>2. Pilipinas</li> <li>3. Tomas</li> <li>4. Ipil-Ipil</li> <li>5. Filipino I</li> <li>6. Rizal Park</li> <li>7. Bantay</li> <li>8. Pasko</li> <li>9. Gng. Cruz</li> <li>10. G-Tea</li> </ol>	<p>Balikan</p> <p>Ana-tao Tomas-tao Gng. Cruz -tao Ipil-Ipil-bagay G-Tea-bagay Filipino 1 - bagay Bantay -hayop Pilipinas-lugar Rizal Park-lugar Pasko-pangyayari!</p>	<p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Dr. Cruz</li> <li>2. Mimgming</li> <li>3. Mang Mando</li> <li>4. Narra</li> <li>5. Santos Ospital</li> </ol>
<p>Suriin</p> <p>Sariling sagot ng bata</p>	<p>Pagymanin</p> <p>Gawain 1</p> <p>Cagayan Tagpi Lina Alex Bagong Taon</p>	<p>Gawain 2</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Isabela</li> <li>2. Melchor</li> <li>3. Milo</li> <li>4. Sampaguita</li> <li>5. Lunes</li> </ol>
<p>Gawain 3</p> <p>Sariling sagot ng bata</p>		
<p>Isagawa</p> <p>Sariling sagot ng bata</p>		

<p>Tayahin</p> <p>1. X</p> <p>2. ✓</p> <p>3. ✓</p> <p>4. X</p> <p>5. X</p> <p>6. ✓</p> <p>7. ✓</p> <p>8. X</p> <p>9. ✓</p> <p>10. ✓</p>	<p>Karagdang Gawain</p> <p>Saring sagot ng bata</p>
-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-----------------------------------------------------

## *Sanggunian*

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)  
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)